35 Taong Paglilingkod, 35 Taong Liwanag sa 55 Taon ng Pisay!

nina Raiza Mejorada at Martin Belino

Siyang may kakayahang gumuhit ng perpektong mga bilog. Siyang may ngiting nakahahawa. Siyang puno ng kwentong nagbibigay inspirasyon sa lahat. Siyang nagtuturo nang buong puso para sa puso't hindi lamang para sa isip ng bawat mag-aaral.

Tatlumpu't limang taon nang nagtuturo si Sir Delfin Angeles sa Pisay at hindi niya pa rin nakalilimutan ang araw na natanggap siya dito bilang guro. *"I came late, parang opening na ng school year, pero it turned out parang they actually needed a teacher so it was so easy for me to enter,"* kwento ni Sir Angeles. At nang sumunod na Lunes ay namasukan na siya bilang guro ng Pisay. Simula noon, unti-unti nang napamahal sa kanya ang bawat mag-aaral na pumapasok sa kanyang silid-aralan.

Siyang may kakayahang gumuhit ng perpektong mga bilog. Kadalasan, kapag naririnig ang pangalang "Sir Angeles", maaalala ng lahat ang pagguhit niya ng mga perpektong bilog na talaga namang nakamamangha! Sa kasalukuyan ay nagtuturo siya ng Earth Science sa ika-walong baitang at hindi pa rin napipigilan ng mga estudyante na mamangha sa tuwing kailangan ng larawan upang makatulong sa pagturo sapagkat mabilis na namang tatakbo ang yeso sa pisara sa paghulma ng bilog at tutuloy ang pagtalakay nang may mga kumikinang na mga mata na dala ng pagkamangha.

Siyang may ngiting nakahahawa. Sa tuwing makikita si Sir Angeles, sa silid-aralan man o sa pasilyo ay matatagpuan mo ang kanyang malaking ngiti na siyang babati pa sa'yo ng "magandang umaga". Kaninong umaga ba naman ang hindi liliwanag sa tagpong ito? Mararamdaman ang pagtanggap, ang kaalwanan, at ang kapanatagang lumapit sa kanya upang magtanong o magpaturo. Siya ang may ngiting magpapaalala sa'yong kaya mo yan, at tiyak na gaganahan kang makita siyang muli sa susunod niyong klase.

Siyang puno ng kwentong nagbibigay inspirasyon sa lahat. Napakarami nang napagdaanan ni Sir Angeles at hindi ito sikreto sa kanyang mga estudyante sapagkat isa sa mga hilig ni Sir Angeles ang magkwento tungkol sa mga kaganapan sa kanyang buhay. Madalas, matapos niyang magkwento, ay susundan niya ito ng payo na nagsisilbing inspirasyon sa mga mag-aaral. Ayon sa kanyang mga naging estudyante, magkwento 'man ito nang 45 minuto sa klase at magturo sa loob lamang ng limang minuto ay may mapupulot ka pa rin sa tinalakay niyang aralin. Ang 45 na minutong kwentuhang iyon ay sapat na para makalimutan ang iba mong problema sapagkat mapapangiti ka na lamang sa mga kwento niya.

Siyang nagtuturo nang buong puso't tinuturuan hindi lang ang isip kundi pati na rin ang puso ng bawat isa. Sa pagbago ng kurikulum at henerasyon na pumapasok sa Pisay ay nagagawa pa rin ni Sir Angeles na maging mahusay sa pagtuturo. Lahat ng lalabas ng silid-aralan ay laging may dalang bagong kaalaman at karagdagang pagmamahal dahil sa kanyang kahusayan sa pagturo at kakayahang makihalubilo sa kahit sino. Sinusubukan niyang intindihin ang bawat mag-aaral at dala niya lagi ang payong mula sa sariling mga karanasan. Dahil dito ay mas napapalapit ang loob ng bawat isa sa kanya.

Tatlumpu't limang taon nang nagtuturo si Sir Angeles sa Pisay at 35 taon na siyang nagdadala ng liwanag at kaalamang tumatatak sa puso't isipan ng bawat isang estudyante at lagi't lagi niya pa ring pipiliin ang Pisay dahil ang komunidad na ito ay minamahal na niyang lubos.

Sir Delfin Angeles, 35 taong paglilingkod, 35 taong pagdadala ng liwanag sa Pisay.